



ILANG IMPORMASYON SA

Mga Paparating na Pagbabago para sa Mga Naka-enroll sa Medicaid, Child Health Plus, at Essential Plan

Ang NY State of Health ay ang Opisyal na Pamilyan ng Planong Pangkalusugan ng New York.

Kung ikaw ay may edad na 19 na taong gulang pataas at nakatira sa Estado ng New York, matutulungan ka naming maghanap ng insurance sa kalusugan sa presyong abot-kaya sa iyo.

Paano ako mag-e-enroll?

👉 nystateofhealth.ny.gov



📞 1-855-355-5777 o
TTY: 1-800-662-1220



📄 Sa pamamagitan ng libreng personal na tulong mula sa sertipikadong tagatulong na malapit sa iyong tahanan o lugar ng trabaho.

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, pananampalataya/relihiyon, katayuan ng pagpapakasal/pamilya, rekord ng pagkakaaresto, (mga) kriminal na pagkakahatol, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasang pantahanan at/o paghihiganti.

Ikaw ba o ang isang miyembro ng pamilya ba ay kasalukuyang may insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng Medicaid, Child Health Plus o ng Essential Plan ng Estado ng New York?

Malapit nang muling simulan ng Estado ng New York ang mga pagsusuri ng kwalipikasyon para tiyaking kwalipikado pa rin ang mga naka-enroll sa mga programang ito. Nangangahulugan ito na maaaring kailangan mong umaksiyon para i-renew ang iyong insurance sa kalusugan o ang insurance ng mga miyembro ng iyong pamilya. Halimbawa, kung malaki ang pinagbago ng iyong kita bago pa magsimula ang pandemyang COVID-19, posibleng kakailanganin mong iulat ang impormasyong iyon sa NY State of Health para manatiling naka-enroll sa insurance sa kalusugan.

Narito ang ilang bagay na magagawa mo ngayon para makapaghanda:

1 Mag-sign up para sa mga alerto sa text.

Mag-sign up para makatanggap ng mga alerto sa SMS/MMS Text mula sa NY State of Health para hindi mo makaligtaan ang mahahalagang update sa insurance sa kalusugan, kasama ang kapag panahon na para i-renew ang iyong coverage. Para mag-subscribe, **i-text ang START sa 1-866-988-0327.**

2 Tiyaking napapanahon ang iyong address.

Tiyaking mayroon ang NY State of Health o ang iyong lokal na tanggapan para sa Medicaid ng iyong kasalukuyang mailing address, numero ng telepono at email address para magawa nilang makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa iyong insurance sa kalusugan.

Kung mayroon kang insurance sa pamamagitan ng NY State of Health, magagawa mong:

- Tumawag sa 1-855-355-5777 (TTY: 1-800-662-1220)
- Mag-log in sa iyong account sa nystateofhealth.ny.gov
- Humanap ng tagatulong sa <https://info.nystateofhealth.ny.gov/findassistor>

Kung mayroon kang Medicaid sa pamamagitan ng tanggapan para sa Medicaid ng iyong county o sa pamamagitan ng Human Resources Administration (HRA) ng Lungsod ng New York, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan kasama ang iyong address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

3 Manatiling may kaalaman.

Bumisita sa <https://info.nystateofhealth.ny.gov/COVID-19-Changes> para malaman ang higit pa. Regular na ia-update ng NY State of Health ang page na ito para sa bagong impormasyon.